



JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

Mahalagang Impormasyon

Natatanggap mo ang liham na ito dahil mayroon kang **KAPWA** Medicare at Medi-Cal. Nagbabago ang paraan kung paano mo makukuha ang pag-aalaga sa kalusugan mo. Mas marami ka nang mga pagpipilian upang matugunan ang mga pangangailangan mo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Ano ang planong Cal MediConnect?

Ang planong Cal MediConnect ay isang planong Medicare/Medi-Cal na mamamahala sa iyong mga benepisyong sa Medicare at Medi-Cal. Ang pag-enroll sa isang planong Cal MediConnect ay nangangahulugan na mapapanatili mo ang iyong mga benepisyong Medicare at Medi-Cal nang walang ekstrang gastos ngunit ang dapat mong gamitin ay ang iyong mga tagapagbigay mula sa Cal MediConnect. Maaari ka ring makakuha ng karagdagang transportasyon at mga benepisyong sa pagtingin.

Ano ang mga pagpipilian ko sa plano?

Malapit ka nang makakuha ng mas maraming impormasyon tungkol sa iyong mga pagpipilian sa planong pangkalusugan. Maaari kang pumili ng isang planong Cal MediConnect, o piliing manatili sa isang regular na Medicare. Kung pinili mong manatili sa regular na Medicare, dapat kang pumili ng isang planong pangkalusugang Medi-Cal para sa iyong mga benepisyong Medi-Cal. Kapag hindi ka pumili, pipili kami ng isa sa mga plano ng Cal MediConnect para sa iyo. Pananatiliin mo ang mga benepisyong at serbisyo na mayroon ka ngayon, at ang planong Cal MediConnect at makikipagtulungan sa iyong mga doktor at tagapagbigay.

Ito ang unang liham na nagsasabi sa iyo kung ano ang mga bago mong pagpipilian. Makakakuha ka ng pangalawang liham na may mas maraming impormasyon tungkol sa mga pagpipilian mo sa lalong madaling panahon. Maaari kang pumili ng isang planong Cal MediConnect sa county mo, o piliing manatili sa regular na Medicare.

Ang mga pagpipilian mo ay:

1. **Mag-enroll sa isang planong Cal MediConnect.** Sinasakop ng mga planong pangkalusugang ito ang mga serbisyo ng kapwa Medicare at Medi-Cal. Kapag sumali ka sa isang planong Cal MediConnect, makakatanggap ka ng In-Home Supportive Services (IHSS), Multipurpose Senior



Services Program (MSSP), Community-Based Adult Services (CBAS), at nursing home care sa pamamagitan ng planong Cal MediConnect. Sakop din nila ang pag-aalaga ng pagtingin at transportasyon. Makikipagtulungan sa iyo, sa iyong mga doktor at tagapagbigay ang planong Cal MediConnect para matiyak na makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo.

2. **Mag-enroll sa Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE).** Kung ikaw ay 55 o mas matanda at kailangan ng mas mataas na lebel ng pag-aalaga upang tumira sa bahay, maaari kang sumali sa PACE. Nagbibigay ang PACE ng lahat ng mga benepisyong Medicare at Medi-Cal at ilan pang ekstrang serbisyo upang matulungan ang mga senior na may mga kondisyong hindi gumagaling na tumira sa bahay.
3. **Mag-enroll lang sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal.** Mananatiling pareho ng ngayon ang iyong Medicare. Kapag sumali ka sa isang planong Medi-Cal, mapapanatili mo ang iyong mga doktor at ospital sa Medicare at makakatanggap mo ang iyong mga benepisyong Medi-Cal katulad ng In-Home Supportive Services (IHSS), Multipurpose Senior Services Program (MSSP), Community-Based Adult Services (CBAS), at nursing home care sa pamamagitan ng planong Medi-Cal.

Paano makakatulong sa akin ang isang planong Cal MediConnect?

Ang planong Cal MediConnect ay nakakatulong sa iyo dahil ang iyong mga benepisyong Medicare at Medi-Cal ay magkasamang nagtutulongan at mas mahusay na nagtatrabaho para sa iyo.

Ang iyong mga doktor, parmasyotiko, IHSS, CBAS, MSSP, at ibang mga tagapagbigay ay magkasamang nagtutulongan upang alagaan ka at isinasaayos kung sino ang tutulong sa iyo para makuha ang pag-aalaga at mga serbisyo na kailangan mo. Tinatawag itong “koordinasyon ng pag-aalaga.”

Ano ang dapat kong gawin ngayon?

- Talakayin ang mga pagpipilian mo sa kaninomanang may alam tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga sa kalusugan, katulad ng iyong pamilya, iyong mga doktor, o iyong lokal na sentro ng senior at/o Independent Living Center.
- Bantayan ang mail mo para sa isang pakete mula sa Health Care Options sa tinatayang isang buwan.
- Kung nais mong makipag-usap sa isang tagapagpayo sa insurance na pangkalusugan tungkol sa mga pagpipilian mo, tumawag sa **California Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222.**
- Kung kailangan mo ang liham na ito sa ibang wika o kahaliling format, katulad ng malaking print, audio, o Braille; o kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan ang liham na ito, mangyaring tumawag sa:

Health Care Options
1-844-580-7272 • TTY: 1-800-430-7077
Lunes - Biyernes, 8 am - 5 pm
www.HealthCareOptions.dhcs.ca.gov